



BAGONG PILIPINAS

KAPASIYAHAN BLG. 2026-105

“NAGPAPATIBAY SA DESISYON NG PINAGSANIB NA KOMITE NG LUPON SA MGA TUNTUNIN, PRIBILEHIYO, USAPING PAMBATAS, SERBISYO SIBIL, MABUTING PAMAMAHALA, KABUHAYAN, PAGGAWA AT KARAPATANG PANTAO AT LUPON SA USAPING PAMBARANGAY, KAPAYAPAAAN, KAAYUSAN, KALIGTASANG PAMBAYAN, AT PAMAMAHALA SA PANGANIB AT SAKUNA NA INIISANG TABI ANG REKLAMO NI GINANG AZUCENA FLORES AT LEONILA SORTA LABAN KAY IGG. JOJO DE GUZMAN.”

Sa Pagtataguyod ni:

Igg. Romeo B. Cabalquinto

Tagapangulo

Pinagsanib na Lupon sa Mga Tuntunin, Pribilehiyo, Usaping Pambatas, Serbisyo Sibil, Mabuting Pamamahala, Kabuhayan, Paggawa at Karapatang Pantao

At

Lupon sa Usaping Pambarangay Kapayapaan, Kaayusan, Kaligtasang Pambayan, at Pamamahala sa Panganib at Sakuna

SAPAGKA'T, naghain ng reklamo sina Ginang Azucena Flores at Ginang Leonila Sorta ukol sa hindi pag aksyon at di makatuwirang ginagawa sa kanila ni Igg. Jojo De Guzman;

SAPAGKA'T, isinasaad sa Seksyion 60 ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal na:

“Sec. 60. Grounds for Disciplinary Action. - An elective local official may be disciplined, suspended, or removed from office on any of the following grounds:

- (a) Disloyalty to the Republic of the Philippines;*
- (b) Culpable violation of the Constitution;*
- (c) Dishonesty, oppression, misconduct in office, gross negligence, or dereliction of duty;*
- (d) Commission of any offense involving moral turpitude or an offense punishable by at Least prison mayor;*

(e) Abuse of authority;

(f) Unauthorized absence for fifteen (15) consecutive working days, except in the case of members of the sangguniang panlalawigan, sangguniang panlungsod, sangguniang bayan, and sangguniang barangay;

(g) Acquisition for, or acquisition of, foreign citizenship or residence or the status an immigrant of another country; and

(h) Such other grounds as may be provided in this Code and other laws.

An elective local official may be removed from office on the grounds enumerated above by order of the proper court"

SAPAGKA'T, isinasaad sa isinassad sa batas at maraming nmga desisyon ng Korte na sa kasong administratibo ay kailangang mapatunayan na ang inirereklamo ay nagkasala sa basehang pang ebidensya na "substantial evidence", kagaya ng ipinaliwanag ng Korte sa kasong NBI vs. Conrado M. Najera (G.R. NO 237522, June 30, 2020), na;

"The quantum of proof in administrative proceeding necessary for a finding of guilt is substantial evidence or such relevant evidence as a reasonable mind may accept as adequate to support a conclusion. The burden to establish the charges rests upon the complainant fails to show in a satisfactory manner the facts upon which his accusations are based. The respondent is not even obliged to prove his exception or defense. Given these precepts, we find that there is no substantial evidence to hold Conrado liable for grave misconduct";

SAPAGKA'T, sa masusing pag-aaral ng bumubuo ng Magkasanib na Lupon sa Mga Tuntunin, Pribelehiyo, Usaping Pambatas, Serbisyo Sibil at Mabuting Pamamahala, Kabuhayan, Paggawa at Karapatang Pantao at Lupon sa Usaping Pambarangay Kapayapaan, Kaayusan, Kaligtasang Pambayan, at Pamamahala sa Panganib at Sakuna ay napagpasiyahan na iisang tabi ang reklamo nina Ginang Azucena Flores at Ginang Leonila Sorta laban kay Igg. Jojo De Guzman. dahil sa kawalan ng sapat na ebidensya.

KUNG KAYA'T, sa pagtataguyod ni IGG. ROMEO B. CABALQUINTO na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.


IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINAPASIYA, ng Sangguniang Bayan ng Bustos na iniisang tabi ang reklamo nina Ginang Azucena Flores at Ginang Leonila Sorta laban kay Igg. Jojo De Guzman.


IPINASISYA RIN, na paalalahanan ang Pamahalaang Barangay at ang mga may kinalamgang opisyaes nito na: matapos, ang usapin sa barangay na kasong isinampa nina Ginang Azucena Flores at Ginang Leonila Sorta laban sa mga 'di umanong tao na nagtayo ng bahay sa 'di umanong right of way, at sila (magkabilang-panig) ay hindi nagkasundo, nararapat lamang na magbigay ng Certificate to File Action ang Barangay, sa pasubali ng pagtalima sas mga prosesong isinasaad sa Katarungang Pambarangay.


PINAGTIBAY, ngayong ika-11 ng Mayo taong Dalawang Libo at Dalawampu't Anim sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.



Phillip Wryner B. Santos
Kasangguni



Kyle Gabrielle DR. Navarro
Kasangguni



Romeo B. Cabalquinto
Kasangguni


Aljhaneal E. Quinones
Kasangguni



Leo B. Santos
Kasangguni


Melvin H. Melencio
Kasangguni


John Erick L. Perez
Kasangguni


Engr. Gliceria M. Perez
Kasangguni



Raymond R. Perez
Pangalawang Pangulo ng
Liga ng mga Barangay


Mel Ryan P. Juan
Pangulo ng
Pambayang Pederasyon
ng Sangguniang Kabataan


Martin SJ. Angeles, MMPA
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

— ■ —

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-11 ng Mayo taong Dalawanlibo Dalawampu't Anim.


Atty. Gerardo S. Briasa
Kalihim